

Pamamaraan ng Reklamo sa Diskriminasyon

Ang Health Care Authority (HCA) ng Estado ng Washington ay itinatag ang mga sumusunod na pamamaraan sa reklamo na kinakailangan ng Americans with Disabilities Act of 1990 (ADA) at iba pang mga karapatan bilang mamamayan na may kaugnayan sa batas kabilang ang Section 1557 ng Affordable Care Act. Kung nais mong magsampa ng reklamo na nagbibintang ng diskriminasyon sa pamamagitan ng HCA sa batayan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, sekswal na oryentasyon, kasarian, pagpapahayag ng kasarian o pagkakakilanlan, pananampalataya, estado ng pag-aasawa, relihiyon, marangal na tiniwalag na beterano o estado sa militar, edad, kapansanan o paggamit ng isang sinanay na aso na gabay o serbisyo na hayop sa pamamagitan ng isang tao na may kapansanan, mangyaring sundin ang proseso na nakabalangkas sa ibaba.

1. Gawin ang iyong reklamo sa pamamagitan ng sulat at isama ang impormasyon tungkol sa mga di-umano'y diskriminasyon, kabilang ang pangalan, address, at numero ng telepono ng nagrereklamo, at ang lokasyon, petsa, at paglalarawan ng problema. Ang kahaliling paraan ng pag-file ng mga reklamo, tulad ng mga personal na panayam o isang audio-record ng reklamo, ay gagawing magagamit para sa mga indibidwal na may mga kapansanan kung hilingin. Tumawag sa HCA sa 1-855-682-0787 upang gumawa ng kaayusan para sa kahaliling paraan ng pag-file ng mga reklamo. Sa mga taong may kapansanan sa pandinig o pagsasalita mangyaring tawagan ang 711 para sa relay na mga serbisyo.
2. Isumite ang reklamo sa Compliance Officer ng ADA ng HCA nang hindi lalampas sa 90 araw ng kalendaryo pagkatapos ng di-umano'y paglabag.

ADA Compliance Officer
Washington State Health Care Authority
P.O. Box 42704
Olympia, WA 98504-2704

3. Sa loob ng 15 araw ng kalendaryo ng pagkatanggap ng reklamo, makikipagkita sa inyo nang personal ang Compliance Officer ng ADA ng HCA, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng iba pang paraan upang talakayin ang reklamo at ang posibleng mga resolusyon. Tutugon sa pamamagitan ng pagsulat ang Compliance Officer ng ADA ng HCA sa loob ng 15 araw ng kalendaryo ng pagkikita at, kung naaangkop, sa isang kahaliling format na iyong magagamit, tulad ng malalaking letra, Braille, o recording ng audio. Ipapaliwanag ng tugon ang posisyon ng HCA at mga pagpipilian para sa paglutas ng reklamo.
4. Kung ang tugon ng Compliance Officer ng ADA ng HCA ay hindi malutas ang isyu, maaari kang umapela sa Enterprise Risk Manager ng HCA sa loob ng 15 araw ng kalendaryo mula sa pagkatanggap ng tugon. Kung paano gumawa ng apela ay ilalarawan sa tugon na matanggap mo mula Compliance Officer ng ADA ng HCA.

Sa loob ng 15 araw ng kalendaryo ng pagkatanggap ng apela, ang Enterprise Risk Manager ng HCA ay aayusin upang makikipagkita sa iyo nang personal, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng iba pang paraan upang talakayin ang reklamo at posibleng resolusyon. Sa loob ng 15 araw ng kalendaryo kasunod ng pakikipagkita ng Enterprise Risk Manager ng HCA ay tutugon kasama ng pinal na resolusyon ng reklamo. Ang tugon ay dapat na nakasulat at, kung naaangkop, ang isang kahaliling format ay magagamit para sa iyo, tulad ng malalaking letra, Braille, o recording na audio.

Ang impormasyon na ito ay magagamit sa website ng HCA sa ilalim ng "Walang Diskriminasyon" na link sa aming home page: www.hca.wa.gov